American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN :2378-703X
Volume-5, Issue-9, pp-39-47
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# CLOZE PASSAGE SA PAGTUTURO NG FILIPINO AT KASANAYAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY

Angelica L. Maligalig[1], Imelda G. Carada Ph.D[2]
[1](*Elementary Grade Teacher 1, Jose Rizal Elementary School, Sariaya, Quezon, Philippines)*
[2](*College of Teacher Education, Laguna State Polytechnic University-San Pablo City Campus, Philippines)*
*Corresponding author:*

***ABSTRACT :*** This study focuses in the use ofCloze Passage as strategy in Teaching Filipino and writing skills of learners. Experimental researchwas used in the studyto determine the effect of Cloze Passage strategy in writing essay. Pre-test and Post-test (writing essay with rubrics) was given to the respondents to determine the writing skills of learners before and after using the strategy. Data were analyzed with mean and standard deviation and analyzed with frequency and percentage in terms of content, organization, and mechanics in writing: correct usage of words, punctuation marks and spellings.T-test was utilized to determine whether thereis significant difference between the writing skills of learners before and after using Cloze Passage as strategy in teaching. Respondents were 50 Grade 6 students of Jose Rizal Elementary School who were selected through purposive sampling. The result showed that there was significant difference between the writing skills of learners before and after using the strategy. Additionally, some respondents remained good in the correct usage of words and punctuation marks while other respondents became excellent in writing in terms of content, organization and spelling of words. From the results, mean score of the learners in writing essay increased and large percentage of respondents became good in writing, it showed that Cloze Passage strategy is helpful in developing the writing skills of learners specifically in writing essay.
***Keywords-****Cloze Passage, Essay, Experimental Research, Strategy, Teaching Filipino, Writing Skills,*

## I. PANIMULA

Ang Asignaturang Filipino ay kabilang sa K to 12 Curriculum na idinisenyo ng mga eskperto sa Kagawaran ng Edukasyon upang mapalawak ang kaalaman ng bawat Filipino patungkol sa sariling wika at ang mga kagamitan nito. Sa kasalukuyan, maraming mag-aaral ang nahihirapan sa Asignaturang Filipino at maging pagpapahayag ng kanilang mga ideya at saloobin sa paraang pasulat ay apektado. Kapansin-pansin na nawawalan sila ng kawilihan, kadalasang hindi pinakikinggan ang mga aralin at kinatatamaran ang pagsulat kung nakasusulat man ay kulang sa kasanayan. Kaya't ninais ng mananaliksik na gumamit ng ibang estratehiya na maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral, ang Cloze Passage bilang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino.

Isang hamon para sa mga guro ang pagbabago sa sistema ng edukasyon, mula sa tradisyunal na paraan ng pagtuturo ay kailangang makasabay sa global na pagbabago. Ang mga mag-aaral sa kasalukuyan ay tinatawag na 21st Century learners, kung saan sila ay mas natututo sa makabagong pamamaraan gamit ang teknolohiya at pagkamalikhain ng guro sa pagtuturo. Lalo pang naging mapanghamon ang pagpapatuloy ng edukasyon sa kasalukuyang sitwasyon bunsod ng pagbabagongkinahaharap ng mundo, ang Covid-19. Bilang tugon, ang DepEd ay nag-isip ng angkop na pamamaraan ng pagtuturo, dinebelop ang Basic Education Learning Continuity Plan (BE-LCP) upang masiguro ang pagpapatuloy ng Edukasyon nang ligtas na makaiiwas sa face-to-face bunsod ng lumalaganap na sakit o Covid-19.*(DepEd Order No. 12 s. 2020)*

Binanggit ni Habijan sa ika-7 CALABARZON- PASATAF, hindi ito ang bagong normal bagkus ito ang dating normal at dapat na normal, ang pagkatuto mismo ay nasa labas ng silid-aralan, ang pagkatuto ay nasa kabuuang konsepto ng mundo at hindi lamang sa apat na sulok ng silid-aralan. Ayon pa rin sa kanya, ang paglikha/pagsulat ay mahalaga at batayan ng pagkatuto, hindi dapat ito mawala sa mga modyul sapagkat ito ang sukatan ng pagkatuto. Ito na ang pagtatasa noong panahon ni Kristo, napalitan na ng kung ano-anong paraan kaya ibinabalik ni Kristo ang siklo sa pamamagitan ng Pandemya. Ito ang realidad na kahit saan at kalian man ay may matutunan ang mga mag-aaral, kahit ano mang karanasan ay maaari silang makabuo ng isang sulatin.

Kaya gamit ang mga makabagong teknolohiya at kakaibang estratehiya nais ng mananaliksik na makaambag sa pagpapatuloy ng de-kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral.Ginamit sa pananaliksikang

banghay aralin at nagsilbing gabay ng guro sa pagtuturo na kinapapalooban ng Cloze Passage bilang Estratehiya. Binubuo ito ng mga aralin: seleksyon at gawaing may pagpupuna sa mga nawawalang salita upang malinang sa mga mag-aaral ang mga kasanayan sa wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas at pagbabaybay ng salita upang mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

Ayon sa pag-aaral ni Ross (2017)ang kapakinabangan ng Cloze na Pagsasanay, mayroon itong aplikasyon sa totoong mundo. Ipinakita sa kanyang pag-aaral na ang mga kabataan at matanda na nag-aaral ay nakikinabang mula sa pag-aaral ng wika na nakabatay sa gawain na nagpapabuti at nagpapaunlad ng kanilang pagkamalikhain, kaysa sa simpleng pag-aaral lamang o sa mababaw na paraan. Ang mga tradisyunal na bokabularyo flash card ay kapaki-pakinabang para sa pagmamapa ng mga indibidwal na salita sa kanilang mga kahulugan, ngunit limitado sa kanilang tunay na aplikasyon sa mundo; Lumabas na ang mga pagsubok sa cloze ay nagtataguyod ng aktibong pag-unlad ng bokabularyo, hindi lamang pagkilala. Maaari nilang magamit upang palakasin ang paggamit ng bokabularyo, payabungin ang kaalaman sa gramatika at pagkilala sa istruktura, at palakasin ang pangkalahatang pag-unawa. Maaari ring mapalawak sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga mag-aaral na sumulat ng kanilang sariling nilalaman at lumikha ng isang ganap na orihinal na sulatin. Pinauunlad dito ang kasanayan sa malikhaing pagsulat at pagkukuwento. Katulad sa kasalukuyang pag-aaral, ang mga mag-aaral ay sumailalim sa Cloze na pamamaraan upang matutunan ang wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas at pagbabaybay ng salita na mahalaga upang mapayabong ang nilalaman at kaisahan ng kanilang mga isusulat.

## II. LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Isinagawa ang pag-aaral na ito upang (1) malaman ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral bago gamitin ang Cloze Passage bilang Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino batay sa:1.1 Nilalaman, 1.2 Kaisahan, 1.3 Mekanismo sa Pagsulat: 1.3.1 Wastong Gamit ng Salita; 1.3.2Wastong Gamit ng Bantas; at 1.3.3 Pagbabaybay ng Salita; (2) malaman ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Cloze Passage bilang Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino batay sa: 2.1 Nilalaman, 2.2 Kaisahan, 2.3 Mekanismo sa Pagsulat: 2.3.1 Wastong Gamit ng Salita; 2.3.2 Wastong Gamit ng Bantas; at 2.3.3 Pagbabaybay ng Salita; at (3) mabatid kung may makabuluhang pagkakaiba ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Cloze Passage bilang Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino.

## III. METODO NG PANANALIKSIK

Ang pag-aaral ay ginamitan ng eksperimental na disenyo ng pananaliksik upang mabatid kung may pagkakaiba sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang cloze passage bilang estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Ayon kay Darci J. Harland, namamanipula sa eksperimental na pagsusuri ang isang baryabol at sinusuri ang epekto nito sa isa o higit pang di-malayang baryabol. Sa pag-aaral ang estratehiya ang namamanipula at tinukoy ang epekto nito sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay batay sa nilalaman, kaisahan, mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas at pagbabaybay ng salita.

Ang mga tagasagot ay mga mag-aaral mula sa Ika-anim na baitang ng Jose Rizal Elementary School Taong Panuruang 2020-2021. Ang populasyon ay binubuo ng limampung (50) mag-aaral na nagmula sa tatlong seksyon: Milkyway, Uranus at Moon, pinili gamit ang purposive sampling upang matukoy ang mga mag-aaral na may kagamitan at kakayahan sa pagsasagot gaya ng selpon, laptop, internet connection o data para sa isinagawang pag-aaral sa panahon ng pandemya.

Pagsusulit na Pasulat (Pre-test at Post-test) ang ginamit na instrumento upang malaman ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral bago at pagkatapos gamitin ang Cloze Passage bilang Estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Ang banghay-aralin naman ang nagsilbing gabay ng guro sa pagtuturo gamit ang Cloze Passage bilang Estratehiya.

Ang banghay aralin at pagsusulit na pasulat ay isinangguni ng mananaliksik sa tagapayo at mga eksperto upang maiwasto. Nang mapagtibay ang mga instrumento ay naghanda ang mananaliksik ng liham sa tagapayo, lupon ng eksaminer, at dekano ng departamento upang maituloy ang pangangalap ng datos. Mayroon ding liham na pinalagdaan para sa punungguro ng Jose Rizal Elementary School at sa District Supervisor ng Sariaya East District upang magamit ang mga mag-aaral sa ika-anim na baitang na nagmula sa pangkat ng Milkyway, Uranus at Moon. Naghanda rin ang mananaliksik ng liham para sa mga respondente at isang sarbey kung anong uri ng kagamitan ang mayroon sila para sa pagsasagawa ng birtwal na pagtuturo. Matapos ang pagpapalagda ng lahat ng mga liham-pahintulot na kinakailangan ay sinimulan ng mananaliksik ang pagsasagawa ng Paunang Pagsulat ng Sanaysay (Pre-test) sa limampung (50) mag-aaral. Ang mga isinulat na sanaysay ay kinolekta kasabay ng pagpapasa ng modyul samantalang ang iba ay nagpasa ng lawarawan ng sanaysay sa Messenger ng mananaliksik. Masusing tinaya at itinala ng mananaliksik ang iskor ng bawat mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay batay sa nilalaman, kaisahan, mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng salita,

wastong gamit ng bantas at pagbabaybay ng salita. Nagsagawa ng isang birtwal na pagpupulong at pagtuturo gamit ang Bidyu lesson sapagkat ito ang angkop sa mga mag-aaral bunga ng mahinang internet connection kaya hindi kayang gamitin ang Zoom o Google Meet. Matapos magturo gamit ang Cloze Passage bilang Estratehiya, nagbigay ng Panghuling Pagsulat ng Sanaysay (Post-Test) ang mananaliksik upang makuha ang kinakailangang datos na may kaugnayan sa pag-aaral. Muling inipon ang mga isinulat na sanaysay ng mga mag-aaral.

Ang mga datos na nakuha mula sa Pauna at Panghuling Pagsulat ng sanaysay ay sinuri, binilang ang mga iskor at binigyang interpretasyon batay sa pananda ng instrumento. Gumamit ang mananaliksik ng mga pamamaraang istatistika upang mabigyan ng pagsusuri at interpretasyon ang mga datos.

Gumamit ng rubrik upang malaman ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Cloze Passage bilang Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino. Kinuha ang Frequency at Percentage ng mga tagasagot na nakakuha ng iskor na "4" "3" "2" at "1" batay sa nilalaman, kaisahan, mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas at pagbabaybay ng salita. Binigyan ang mga ito ng interpretasyon batay sa pananda:

| Iskor | f | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | | | Napakahusay (NP) |
| 3 | | | Mahusay (M) |
| 2 | | | Katamtamang kahusayan (KM) |
| 1 | | | Walang kahusayan (WK) |

Ginamit naman ang Paired Differences sa pag-alam ng makabuluhang pagkakaiba ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay bago at pagkatapos gamitin ang Cloze Passage.

## 1. Resulta at Diskusyon

**TALAHANAYAN 1.1 Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Nilalaman sa Paunang Pagsulat ng Sanaysay (Pre-test)**

| Marka | F | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 5 | 10% | Napakahusay (NP) |
| 3 | 26 | 52% | Mahusay (M) |
| 2 | 18 | 36% | Katamtamang Kahusayan (KK) |
| 1 | 1 | 2% | Walang Kahusayan (WK) |
| Kabuuan | **50** | **100** | |

***Pananda:*** *4 – Napakahusay (NP), 3 – Mahusay (M), 2 – Katamtaman kahusayan (K), 1 – Walang kahusayan (WK)*

Naglalaman ang Talahanayan 1.1 ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral bago gamitin ang Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino batay sa nilalaman. Mula sa 50 mga tagasagot, pinakamaraming nakakuha ng markang "3" na may interpretasyong "mahusay", 26 na tagasagot o 52%. Samantalang ang pinakamababang markang nakuha ay 1 may interpretasyong "walang kahusayan" na may isang tagasagot o 2%.

Mababatid sa talahanayan na halos mahigit sa kalahating bilang ng mga tagasagot ang mayroon nang sapat na kasanayan sa pagsulat ng sanaysay batay sa nilalaman bago pa man gamitin ang Cloze Passage bilang Estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Tumutugma sa pag-aaral ni Durante (2020), *"Kooperatib at Ekspiryensyal na Pagtuturo at Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyon"* natuklasan na 28 (56%) ng mga mag-aaral ang mahusay sa nilalaman, 19 (38%) naman ang katamtaman at 3 (6%) ang napakahusay. Mataas rin ang bilang ng mga mag-aaral na may kahusayan na sa pagsulat batay sa nilalaman bago pa man lapatan ng Estratehiya.

**TALAHANAYAN 1.2 Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Kaisahan sa Paunang Pagsulat ng Sanaysay (Pre-test)**

| Marka | F | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 1 | 2% | Napakahusay (NP) |
| 3 | 36 | 72% | Mahusay (M) |
| 2 | 12 | 24% | Katamtamang Kahusayan (KK) |
| 1 | 1 | 2% | Walang Kahusayan (WK) |
| Kabuuan | **50** | **100** | |

***Pananda:*** *4 – Napakahusay (NP), 3 – Mahusay (M), 2 – Katamtaman kahusayan (K), 1 – Walang kahusayan (WK)*

Makikita sa Talahanayan 1.2 ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral bago gamitin ang Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino batay sa kaisahan. Pinakamaraming tagasagot ang nakakuha ng markang "3" na may interpretasyong "mahusay", 36 na tagasagot o 72%. Samantalang pinakamababang markang nakuha ay "1" na may interpretasyong "walang kahusayan" at "4" na may interpretasyong "napakahusay" na may tig-isang tagasagot o tig-2%.

Mababatid sa talahanayan na mahigit sa kalahating bilang ng mga tagasagot ang mayroon nang sapat na kasanayan sa pagsulat ng sanaysay batay sa kaisahan bago pa man gamitin ang Cloze Passage bilang Estratehiya sa pagtuturo ng Filipino at isa lamang mula sa limampung (50) tagasagot ang walang kahusayan at isa rin ang napakahusay. Ayon sa pag-aaral ni Tsu (2013) "*Kabisaan ng Process Approach sa Pagtuturo ng Pagsulat sa mga Mag-aaral sa Ikatlong Taon ng Pampublikong Paaralan ng Caluluan, Concepcion, Tarlac, Taong Panuruang 2012-2013)"* lumabas sa kabuuang iskor ang Mean na 13.45 sa unang burador batay sa Kaisahan sa pagsulat na may interpretasyong "mahusay".

**TALAHANAYAN 1.3.1 Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Mekanismo sa Pagsulat: Wastong Gamit ng Salita sa Paunang Pagsulat ng Sanaysay (Pre-test)**

| Marka | F | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 1 | 2 % | Napakahusay (NP) |
| 3 | 26 | 52 % | Mahusay (M) |
| 2 | 20 | 40 % | Katamtamang Kahusayan (KK) |
| 1 | 3 | 6 % | Walang Kahusayan (WK) |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | |

***Pananda:*** *4 – Napakahusay (NP), 3 – Mahusay (M), 2 – Katamtaman kahusayan (K), 1 – Walang kahusayan (WK)*

Ipinakikita sa talahanayan 1.3.1 ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral bago gamitin ang Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino batay sa mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng salita. Batay sa resulta ng pag-aaral, pinakamaraming nakakuha ng markang "3" na may 26 na tagasagot o 52%. Samantalang pinakamababang markang nakuha ay "4" na may isang tagasagot o 2%. Tumutugma sa resulta ng pag-aaral ni Perez (2020), *"Paggamit ng Salitang Lalawiganin sa Pagtuturo ng Filipino at Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral"* nakakuha ng 51.7% o 31 na mga mag-aaral (mahusay) sa pagsulat ng sanaysay batay sa wastong gamit salita. Ipinakikita sa pag-aaral na may kasanayan ang mga tagasagot na magsulat ng isang sanaysay na may angkop o tamang gamit ng mga salita. Batay kay Bernales (2010), gaano man kasining ang isang pahayag kung mali naman ang gramatika, maaaring hindi ito katanggap-tanggap o kapani-paniwala lalo na sa mga iskolar, edukado, at kritiko.

Ang bawat salita ay may tiyak na kahulugan na maaaring magbago ang kahulugan kung mali ang gamit ng salita sa isang pahayag. Maraming salita sa Filipino ang nagkakapalitan ng gamit bunga ng kakulangan ng pag-unawa sa kahulugan ng salita at gamit nito sa pangungusap. Dahil dito, hindi nagiging malinaw ang pagpapahayag o pagpapadala ng mensahe. Ang bahaging ito ay nagpapakita ng kasanayan ng mga tagasagot sa paraang pasulat. Nakuha ang antas ng kasanayan ng mga tagasagaot sa pamamagitan ng pagsulat ng isang sanaysay.

**I. TALAHANAYAN 1.3.2 KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL SA MEKANISMO SA PAGSULAT: WASTONG GAMIT NG BANTAS SA PAUNANG PAGSULAT NG SANAYSAY (PRE-TEST)**

| Marka | F | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 1 | 2 % | Napakahusay (NP) |
| 3 | 24 | 48% | Mahusay (M) |
| 2 | 16 | 32% | Katamtamang Kahusayan (KK) |
| 1 | 9 | 18% | Walang Kahusayan (WK) |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | |

***Pananda:*** *4 – Napakahusay (NP), 3 – Mahusay (M), 2 – Katamtaman kahusayan (K), 1 – Walang kahusayan (WK)*

Ipinakikita sa talahanayan 1.3.2 ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral bago gamitin ang Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino batay sa mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng bantas. Makikita sa resulta ng pag-aaral na pinakamaraming nakakuha ng markang "3" (mahusay) na may 24 tagasagot o 48%. Samantalang "4" (napakahusay) naman ang may pinakamababang nakuha na may bilang ng tagasagot na 1 o 2%.

Batay sa resulta, ang mga tagasagot ay may kahusayan sa pagsulat batay sa paggamit ng wastong bantas sa pagsulat ng sanaysay. Tumutugma sa pananaliksik ni Albuñan, L. et.Al, (2019), *"Ang Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sulatin ng Dalawang Grupo ng mga Mag-aaral sa Ikapitong Baytang sa Nagpayong High School"* na ang antas sa pagsulat ng mga mag-aaral batay sa kasanayan sa pagbabantas ay may berbal na interpretasyong "mahusay". Sinabi ni Bernales (2006), halaw sa pag-aaral ni Albuñan, L. et.Al, (2019), mahalaga ang bantas sandigan ito ng wastong pagsulat. Ang wastong diwa ng pangungusap ay naipapakita sa pamamagitan ng mga bantas. Nakakatulong din ang mga bantas sa pagkakaroon ng kaliwanagan, kauganayan at kaisahan sa mga pasulat na pahayag.

**II. TALAHANAYAN 1.3.3 KASANAYAN NG MGA MAG – AARAL SA MEKANISMO SA PAGSULAT: PAGBABAYBAY NG SALITA SA PAUNANG PAGSULAT NG SANAYSAY (PRE-TEST)**

| Marka | F | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 3 | 6% | Napakahusay (NP) |
| 3 | 42 | 84% | Mahusay (M) |
| 2 | 3 | 6% | Katamtamang Kahusayan (KK) |
| 1 | 2 | 4% | Walang Kahusayan (WK) |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | |

***Pananda:*** *4 – Napakahusay (NP), 3 – Mahusay (M), 2 – Katamtaman kahusayan (K), 1 – Walang kahusayan (WK)*

Makikita sa talahanayan 1.3.3 ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral bago gamitin ang Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino batay sa mekanismo sa pagsulat: pagbabaybay ng salita. Ipinakikita sa resulta ng pag-aaral na pinakamaraming nakakuha ng markang "3" (mahusay) na may 42 tagasagot o 84%. Samantalang "1" (walang kahusayan) naman ang may pinakamababang nakuha na 2 tagasagot o 4%.

Batay sa resulta, ang mga tagasagot ay mahusay na sa pagsulat batay sa pagbabaybay ng salita kahit hindi pa sila sumasailalim sa estratehiyang ginamit sa pag-aaral. Ayon kay Badayos (2013), dapat isaisip na ang maayos na pagkakasulat ng isang sulatin ay dapat isalang-alang. Kailangan din na ang lahat ng salitang gagamitin sa pagsulat ay may wastong baybay. Lumabas rin sa pag-aaral ni Albuñan, L. et.Al, (2019) na mahusay rin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbuo ng isang sulatin batay sa pagbabaybay.

**TALAHANAYAN 2.1 Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Nilalaman sa Panghuling Pagsulat ng Sanaysay (Post-test)**

| Marka | F | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 28 | 56% | Napakahusay (NP) |
| 3 | 22 | 44% | Mahusay (M) |
| 2 | 0 | 0 | Katamtamang Kahusayan (KK) |
| 1 | 0 | 0 | Walang Kahusayan (WK) |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | |

***Pananda:*** *4 – Napakahusay (NP), 3 – Mahusay (M), 2 – Katamtaman kahusayan (K), 1 – Walang kahusayan (WK)*

Naglalaman ang Talahanayan 2.1 ng kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino batay sa nilalaman. Mula sa limampung (50) mga tagasagot, pinakamarami o 28 na tagasagot (56%) ang nakakuha ng markang "4" na may interpretasyong "napakahusay". Samantalang ang pinakamababang markang nakuha ay "3" na may interpretasyong "mahusay" na may 22 na tagasagot o 44%.

Mababatid sa talahanayan na tumaas ang bilang ng mga tagasagot na may interpretasyong "napakahusay" at "mahusay" matapos gamitin ang ang Cloze Passage bilang Estratehiya sa pagtuturo ng Filipino. Wala nang mag-aaral ang nakakuha ng interpretasyong "katamtamang kahusayan" at "walang kahusayan". Gaya sa pag-aaral ni Durante (2020), pagkatapos gamitin ang estratehiya sa pagtuturo ay natuklasan na naging mahusay ang mga mag-aaral sa nilalaman sa pagsulat ng komposisyon. Sa makatuwid, nakatulong ang estratehiyang Cloze Passage na ginamit sa pagtuturo sapagkat napaunlad at nalinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay.

**TALAHANAYAN 2.2 Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Kaisahan sa Panghuling Pagsulat ng Sanaysay (Post-test)**

| Marka | F | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 42 | 84% | Napakahusay (NP) |
| 3 | 8 | 16% | Mahusay (M) |
| 2 | 0 | 0 | Katamtamang Kahusayan (KK) |
| 1 | 0 | 0 | Walang Kahusayan (WK) |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | |

***Pananda:*** *4 – Napakahusay (NP), 3 – Mahusay (M), 2 – Katamtaman kahusayan (K), 1 – Walang kahusayan (WK)*

Ipinakikita sa Talahanayan 2.2 ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino batay sa kaisahan. Sa limampung (50) tagasagot, pinakamaraming tagasagot ang nakakuha ng markang "4" na may interpretasyong "napakahusay", 42 na tagasagot o 84%. Samantalang pinakamababang markang nakuha ay "3" na may interpretasyong "mahusay" na may 8 na tagasagot o 16%.

Mababatid sa talahanayan na tumaas ang bilang ng mga mag-aaral na may "napakahusay" at "mahusay" na interpretasyon matapos gamitin ang Cloze Passage bilang Estratehiya sa pagtuturo ng Filipino at wala nang mag-aaral ang nakakuha ng interpretasyong "katamtamang kahusayan" at "walang kahusayan". Tumutugma sa pag-aaral ni Tsu (2013) "*Kabisaan ng Process Approach sa Pagtuturo ng Pagsulat sa mga Mag-aaral sa Ikatlong Taon ng Pampublikong Paaralan ng Caluluan, Concepcion, Tarlac, Taong Panuruang 2012-2013)"* sa huling burador ng mga mag-aaral ay wala nang nabibilang sa iskor sa pagitan ng 12-9 "mahina", 18 mag-aaral na nakakuha ng iskor na 16-13 "magaling" at 22 mag-aaral ang nakakuha ng iskor sa pagitan ng 20-17 "lubhang mahusay". Ipinakikita na nagkaroon ng pag-unlad sa pagpapahayag ng paksa kasama ang organisasyon o kaisahan ng mga pangyayari sa isinulat na sulatin matapos maisagawa ang proseso ng pagtuturo.

**III. TALAHANAYAN 2.3.1 KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL SA MEKANISMO SA PAGSULAT: WASTONG GAMIT NG SALITA SA PANGHULING PAGSULAT NG SANAYSAY (POST-TEST)**

| Marka | F | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 15 | 30% | Napakahusay (NP) |
| 3 | 30 | 60% | Mahusay (M) |
| 2 | 5 | 10% | Katamtamang Kahusayan (KK) |
| 1 | 0 | 0 | Walang Kahusayan (WK) |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | |

***Pananda:*** *4 – Napakahusay (NP), 3 – Mahusay (M), 2 – Katamtaman kahusayan (K), 1 – Walang kahusayan (WK)*

Ipinakikita sa talahanayan 2.3.1 ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino batay sa mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng salita. Sa resulta ng pag-aaral, pinakamaraming nakakuha ng markang "3" (mahusay) na may 30 na tagasagot o 60%. Samantalang pinakamababang markang nakuha ay "2" (katamtamang kahusayan) na may limang tagasagot o 10%.

Ipinakikita pa rin sa sa *Post-test* na tumaas ang bilang ng mga tagasagot na kabilang sa "mahusay" at "napakahusay". Bagaman may mga mag-aaral na nanatili sa "katamtamang kahusayan" sila ay nangangailan ng patuloy na gabay ng guro sa pagsulat batay sa gamit ng salita. Tumutugma ito sa pag-aaral ni Durante (2020), *"Kooperatib-Kolaboratib at Ekspiryensyal na Pagtuturo at Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyon"* napatunayan na 35 (70%) ang mahusay sa wastong gamit ng mga salita, 9 (18%) ang napakahusay at 6 (12%) ng mga mag-aaral ang katamtaman.

Mula sa mga ipinakitang resulta, masasabing nakatulong nang malaki ang estratehiyang ginamit sa pagtuturo dahil naging mahusay at umunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat.

**TALAHANAYAN 2.3.2 Kasanayan ng mga Mag-aaral sa Mekanismo sa Pagsulat: Wastong Gamit ng Bantas sa Panghuling Pagsulat ng Sanaysay (Post-test)**

| Marka | F | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 22 | 44% | Napakahusay (NP) |
| 3 | 23 | 46% | Mahusay (M) |
| 2 | 4 | 8% | Katamtamang Kahusayan (KK) |
| 1 | 1 | 2% | Walang Kahusayan (WK) |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | |

***Pananda:*** *4 – Napakahusay (NP), 3 – Mahusay (M), 2 – Katamtaman kahusayan (K), 1 – Walang kahusayan (WK)*

Ipinakikita sa talahanayan 2.3.2 ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral matapos gamitin ang Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino batay sa mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng bantas. Makikita sa talahanayan na pinakamarami ang nakakuha ng markang “3” (mahusay) na may 23 na tagasagot o 46%. Samantalang pinakamababang markang nakuha ay “1” (walang kahusayan) na may isang tagasagot o 2%

Ipinakikita sa *Post-test* na mahusay ang mga tagasagot sa paggamit ng bantas sa pagsulat ng sanaysay. Tumutugma sa pag-aaral ni Durante (2020), napatunayan sa wastong gamit ng bantas na 35 (70%) ang mahusay habang 9 (18%) naman ang napakahusay at 6 (12%) ang katamtaman.

Ayon kay Dayapapan (2010), na binanggit sa pag-aaral ni Palambiano (2018), binigyang-diin na mahalaga sa pagsulat ang paggamit ng kinakailangang bantas sapagkat napakalaki ng nagagawa nito upang magkaroon ng bagong kahulugan ang isang salita o pangungusap. Kagaya ng gitling isa ito sa pinakanakalilitong bantas sapagkat sa dami ng alituntunin nito at halos lahat ng salita ay pwedeng lagyan ng gitling.

**IV. TALAHANAYAN 2.3.3 KASANAYAN NG MGA MAG-AARAL SA MEKANISMO SA PAGSULAT: PAGBABAYBAY NG SALITA SA PANGHULING PAGSULAT NG SANAYSAY (POST-TEST)**

| Marka | F | % | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 4 | 29 | 58% | Napakahusay (NP) |
| 3 | 17 | 34% | Mahusay (M) |
| 2 | 4 | 8% | Katamtamang Kahusayan (KK) |
| 1 | 0 | 0 | Walang Kahusayan (WK) |
| **Kabuuan** | **50** | **100** | |

***Pananda:*** *4 – Napakahusay (NP), 3 – Mahusay (M), 2 – Katamtaman kahusayan (K), 1 – Walang kahusayan (WK)*

Makikita sa talahanayan 2.3.3 ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga mag-aaral bago gamitin ang Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino batay sa mekanismo sa pagsulat: pagbabaybay ng salita. Batay sa resulta, pinakamaraming nakakuha ng markang “4” (napakahusay) na may 29 na tagasagot o 58%. Samantalang pinakamababang markang nakuha ay “2” (katamtamang kahusayan) na may apat na tagasagot o 8%.

Makikita rito na napakahusay ng mga tagasagot sa pagbabaybay ng salita. Sinabi sa pag-aaral ni Tsu (2013), ang mekaniks ay nararapat na isaisip at ang maayos na pagkakasulat ng isang sulatin sapagkat ito’y isang kailanganin na dapat isaalang-alang sa pagsulat. Kinakailangan na may wastong baybay ang lahat ng mga salitang gagamitin sa pagsulat. Lumabas sa kanyang pag-aaral na matapos isagawa ang proseso ng pagtuturo wala nang mag-aaral ang nabibilang sa “mahina” o iskor na 3 at 20 mag-aaral ang nakakuha ng iskor na 4 (magaling) at 20 rin ang nakakuha ng iskor na 5 (lubhang mahusay).

**V. TALAHANAYAN 3. MAKABULUHANG PAGKAKAIBA NG KASANAYAN SA PAGSULAT NG SANAYSAY BAGO AT PAGKATAPIS GAMITIN ANG CLOZE PASSAGE SA PAGTUTURO NG FILIPINO**

| **Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay** | **Pre-test** | | **Post-test** | | **t** | **df** | **Sig. (2-tailed)** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | **M** | **SD** | **M** | **SD** | | | | |
| **1.** Nilalaman | 2.70 | 0.68 | 3.56 | 0.50 | -9.514 | 49 | 0.000 | Significant |
| **2.** Kaisahan | 2.74 | 0.53 | 3.84 | 0.37 | -13.404 | 49 | 0.000 | Significant |
| **3.** Mekanismo sa Pagsulat | | | | | | | | |
| **3.1** Wastong Gamit ng Salita | 2.50 | 0.65 | 3.20 | 0.61 | -5.735 | 49 | 0.000 | Significant |
| **3.2** Wastong Gamit ng Bantas | 2.34 | 0.80 | 3.32 | 0.71 | -6.794 | 49 | 0.000 | Significant |
| **3.3.** Pagbabaybay ng Salita | 2.92 | 0.53 | 3.50 | 0.65 | -5.226 | 49 | 0.000 | Significant |

Matutunghayan sa Talahanayan 3 ang *Paired Differences* ng *Mean Scores* sa Pauna at Panghuling Pagsulat ng mga kasanayan ng Pagsulat ng Sanaysay.

Ang unang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ay ang nilalaman na may *mean* na 2.70 at *sd* na 0.68 sa Pre-test, *mean* na 3.56 at *sd* na 0.50 naman sa Post-test. Ipinakikita rin na may *t-value* na -9.514 at *p-value* na 0.000 na higit na mababa sa *“level of significance”* na 0.05 kaya’t nangangahulugang mayroong makabuluhang

pagkakaiba sa nilalaman sa pagsulat ng sanaysay bago at pagkatapos gamitin ang *Cloze Passage* sa Pagtuturo ng Filipino.

Kasunod na kasanayan ay ang kaisahan na may m*ean* na 2.74 at *sd* na 0.53 sa Pre-test samantalang sa Post-test ay may *mean* na 3.84 at *sd* na 0.37. Batay sa resulta ng pag-aaral, ang kaisahan sa pagsulat ng sanaysay ay may *t-value* na -13.404 at *p-value* na 0.000 na higit na mababa sa *"level of significance"* na 0.05 kaya't nangangahulugang mayroong makabuluhang pagkakaiba sa kaisahan sa pagsulat ng sanaysay bago at pagkatapos gamitin ang *Cloze Passage* sa Pagtuturo ng Filipino.

Ayon sa mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng salita na may *mean* na 2.50 at *sd* na 0.65 sa *Pre-test,* samanatalang nagkamit ng *mean* na 3.20 at *sd* na 0.61 sa *Post-test.* Ipinakikita rin na may *t-value* na -5.735 at *p-value* na 0.000 na higit na mababa sa *"level of significance"* na 0.05 kaya't nangangahulugang mayroong makabuluhang pagkakaiba sa kasanayan ng paggamit ng wastong salita sa pagsulat ng sanaysay bago at matapos gamitin ang *Cloze Passage* sa Pagtuturo ng Filipino.

Kasunod na kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ang wastong gamit ng bantas, pagkatapos gamitin ang esratehiyang *Cloze Passage* sa Pagtuturo ng Filipino ay nagtamo ng *mean* na 3.32 at *sd* na 0.71. May t-value na -6.794 at p-*value* na 0.000 na mas mababa sa *"level of significane*" na 0.05 kung kaya't nangangahulugang mayroong makabuluhang pagkakaiba sa sa kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng bantas bago at matapos gamitin ang esratehiyang *Cloze Passage at Gapped Text* sa Pagtuturo ng Filipino.

Makikita naman na ang pagbabaybay ng salita ay may *mean* na 2.92 at *sd* na 0.53 sa Pre-test, samantalang sa *Post-test* ay nakakuha ng *mean* na 3.50 at *sd* na 0.65. Batay sa resulta, mayroong t-value na -5.226 at p-value na 0.0000 na higit na mababa sa *"level of significane*" na 0.05 kung kaya't nangangahulugang mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pagbabaybay ng mga salita sa pagsulat ng sanaysay bago at matapos gamitin esratehiyang *Cloze Passage* sa Pagtuturo ng Filipino.

Mapapansin na mas mataas ang nakuhang *mean* at s*d* sa panghuling pagsulat ng sanaysay *(post-test)* kaysa sa paunang pagsulat ng *sanaysay (pre-test),* nangangahulugang nakatulong ang esratehiyang *Cloze Passage* na mas mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay batay sa nilalaman, kaisahan, mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas at pagbabaybay ng salita.

Tumutugma sa pag-aaral ni Ross (2017 na "*Cloze Deletion Test and Language Learning"* ang kapakinabangan ng Cloze na Pagsasanay,mayroon itong aplikasyon sa totoong mundo. Ipinakita ng pag-aaral na ang mga kabataan at matanda na nag-aaral ay nakikinabang mula sa pag-aaral ng wika na nakabatay sa gawain na nagpapabuti at nagpapaunlad ng kanilang pagkamalikhain, kaysa sa simpleng pag-aaral lamang o sa mababaw na paraan. Ang mga tradisyunal na bokabularyo *flash card* ay kapaki-pakinabang para sa pagmamapa ng mga indibidwal na salita sa kanilang mga kahulugan, ngunit limitado sa kanilang tunay na aplikasyon sa mundo; Lumabas na ang mga pagsubok sa cloze ay nagtataguyod ng aktibong pag-unlad ng bokabularyo, hindi lamang pagkilala. Maaari nilang magamit upang palakasin ang paggamit ng bokabularyo, payabungin ang kaalaman sa gramatika at pagkilala sa istruktura, at palakasin ang pangkalahatang pag-unawa. Maaari ring mapalawak sa pamamagitan ng pagtatanong sa mga mag-aaral na sumulat ng kanilang sariling nilalaman at lumikha ng isang ganap na orihinal na sulatin. Pinauunlad dito ang kasanayan sa malikhaing pagsulat at pagkukuwento. Katulad sa kasalukuyang pag-aaral, ang mga mag-aaral ay sumailalim sa *Cloze* na pamamaraan upang matutunan ang wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas at pagbabaybay ng salita na mahalaga upang mapayabong ang nilalaman at kaisahan ng kanilang mga isusulat.

## IV. KONKLUSYON

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang mabatid ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay ng mga tagasagot bago at pagkatapos gamitin ang Cloze Passage sa Pagtuturo ng Filipino na may kabuuang bilang na limampung (50) tagasagot mula sa ika-anim na baitang ng Jose Rizal Elementary School. Ginamit ang purposive sampling sa pagpili ng mga tagasagot na may kagamitan at kakayahan sa pagsasagot gaya ng selpon, laptop, internet connection o data para sa isinagawang pag-aaral sa panahon ng pandemya.

Ginamit din sa pag-aaral ang eksperimental na pamamaraan upang madaling makalap ng mga datos na kailangan sa pag-aaral. Sa pag-aaral, tinukoy ang epekto ng Cloze Passage sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay batay sa nilalaman, kaisahan, mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas at pagbabaybay ng salita.

Batay sa kinalabasan ng pag-aaral nabuo ang sumusunod na konklusyon : 1. Napatunayan sa pag-aaral, sa Paunang Pagsusulit na may kasanayan na at may kahusayan na ang mga mag-aaral sa pagsulat ng sanaysay batay sa nilalaman, kaisahan, mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas at pagbabaybay ng salita. 2. Ayon sa kinalabasan ng pag-aaral, pagkatapos gamitin ang Cloze Passage sa pagtuturo ng Filipino ay natuklasan na nanatiling mahusay ang mga mag-aaral sa paggamit ng salita at bantas samantalang naging napakahusay sa pagsulat batay sa nilalaman, kaisahan at pagbabaybay ng salita. 3. May makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng Paunang Pagsusulit at Panghuling Pagsusulit. Tumaas ang mean score ng mga mag-

aaral sa pagsulat ng sanaysay at mas dumami ang bilang ng mga mag-aaral na nasa lebel na mahuhusay. Samakatuwid may naitulong ang Estratehiyang Cloze Passage sa kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

Batay sa konklusyon ng pananaliksik, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay iminumungkahi ng mananaliksik : 1. Nararapat na ipaliwanag nang maayos ng guro ang mga panuntunan o rubrik sa pagsulat bago pasimulan ang pagsulat ng sanaysay upang maging malinaw at ganap na matugunan ng mga mag-aaral ang pagsulat batay sa nilalaman, kaisahan, mekanismo sa pagsulat: wastong gamit ng salita, wastong gamit ng bantas at pagbabaybay ng salita. 2. Kailangan pa rin ng sapat na gabay ng guro upang mas mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat at maglaan ng angkop na gawain o mga seleksyon bilang kagamitan sa Estratehiyang Cloze Passage upang mapataas pa ang kasanayan ng mga mag-aaral na nananatiling nasa Walang Kahusayan (WK) at Katamtamang Kahusayan (KK) sa Panghuling Pagsulat ng Sanaysay. 3. Iminumungkahi ng mananaliksik na ipagpatuloy ang paggamit ng Estratehiyang Cloze Passage sa pagtuturo at magsaliksik pa ng mga bago at angkop na pamamaran upang maging matagumpay ang pagkatuto ng mga mag-aaral at mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat ng sanaysay.

## SANGGUNIAN


**Aklat :**

[1] *Habijan, E.M. Proseso at Sistema sa Pagpapaunlad Pangkurikulum Batayang Aklat para sa mga Filipinong Mag-aaral*

[2] *Badayos, P. et. al. (2013). Komunikasyon sa Akademikong Filipino. Malabon City: Mutya Publishing House Inc.*

**Tesis :**

[3] *Durante, Erwin T. (2020). Kooperatib-Kolaboratib at Ekspiryensyal na Pagtuturo at Kasanayan sa Pagsulat ng Komposisyon, Laguna State Polytechnic University, San Pablo City*

[4] *Perez, Christian Joy U. (2020). Paggamit ng Salitang Lalawiganin sa Pagtuturo ng Filipino at Kasanayan sa Pagsulat ng Sanaysay ng mga Mag-aaral, Laguna State Polytechnic University, San Pablo City*

**Elektronikong Saggunian :**

[5] *https://news.abs-cbn.com/news/05/27/20/alamin-mga-alternatibong-paraan-ng-pag-aaral-na-isinusulong-ng-deped*

[6] *https://www.deped.gov.ph/k-to-12/about/k-to-12-basic-education-curriculum/*

[7] *Ross (2017). Cloze Deletion Test and Language Learning https://www.clozemaster.com/blog/cloze-test/*

[8] *Tsu, Liz. Kabisaan ng process approach sa pagtuturo ng pagsulat sa mga mag- aaral sa Ikatlong Pampublikong Paaralan ng Calaluan Concepcion Tarlac Panuruan, 2012-2013. https://www.academia.edu*

[9] *Albuñan, Liezel,et.al (2019), Ang Antas ng Kasanayan sa Pagsulat ng Sulatin ng Dalawang Grupo ng Mag-aaral sa Ikapitong Baytang ng Nagpayong High School: https://www.academia.edu/36382562/*

[10] *Palambiano, Rodolfo A. 2018. Gitling-Game Para sa MabisangPagkatuto ng mga Mag-aaral ng Stem sa Tamang Paggamit ng Gitling. Rodolfo Sample Action Research-Scribd https://www.scribd.com*